**Pamagat**: Ang Salita ng PANGINOON na Dumating Kay Joel

**Texto**: Joel 1:1 "The word of the LORD that came to Joel the son of Pethuel."
*Pagsasalin*: Ang salita ng PANGINOON na dumating kay Joel na anak ni Pethuel.

**Panimula**:

1. Si Joel ay isang propeta na ang focus niya ay ang thema ng Araw ng PANGINOON (Day of the LORD).
2. Ang aklay niya na tatlong talata ay larawan ng parusa at panunumbalik. Ginamit ni Joel ang mga sakuna na nangyari sa nakaraan upang bigyan ng babala ang mga taga-Judah (Hudyo) na sila ay magsisi o haharap sila sa hatol ng Dios.
3. Ang propesiya ni Joel ay patungkol rin sa pagbubuhos ng Dios ng Banal na Espiritu sa Joel 2:28-29, at binanggit rin ito sa Acts 2 – pero titingnan natin ito pagdating natin sa chapter 2.
4. Bago natin tahakin ang mga laman ng mga tatala ng aklat ni Joel, ay bibigyan natin pansin ang mga background information nito.

I. **Sino si Joel?**:

A. Ang pangalang Joel ay nangangahulugang: "Jehovah is God" (si "Jehovah ay ang Dios"). common name
B. Siya ay anak ni Pethuel ("persuaded of God" o "hinikayat ng Dios"). uncommon name
C. Siya ay nakatira sa Judah, malamang sa Jerusalem. (Southern Kingdom). (3:17,20)
D. Matapos ang ministry ni Obadiah ay sumonod agad ang ministry ni Joel.
E. Ang ministry ni Joel ay kapanabay o sa kapanahunan ng paghahari ni King Joash (at ang pagtatangka sa buhay ni Joash noong siya ay sanggol – sa kamay ng malupit na Reyna na si Athalia (anak ni Ahab at ni Jezebel). (2 Kings 11-12 – basahin ito para malaman ninyo ang iba pang mga background information). Ang ministry ni Joel ay habang si King Joash ay nasa pangangalaga ng priest na si Jehoiada.
F. Ang economia ay naapektohan ng mga balang (1:2, 4) at tagtuyo, at pati narin ang mga pagsasakop ng iba't-ibang mga bansa: Tyre. Sidon, Philistia, Egypt, at Edom. (3:4, 19).

II. **Ano ang Layunin ng Aklat ni Joel?**:

A. Ang pagpapahayag ng parating na hatol ng Dios dahil sa kasalanan ng Israel.
B. Ang paghihikayat ng pagbabalik-loob ng Judah sa Dios.
C. Ang pagpapahayag sa buong mundo ng dakilang Araw ng Panginoon na kung saan ang Dios ay magdudulot ng hatol at hustisya sa lahat. (day of the Lord – 1:15; 2:1; 11; 31; 3:14; 18).

**Katapusan**:

1. Ang ministry ni Joel ay sa kapanahunan ng ika walong hari ng Judah (King Joash) at ang "co-regency" ng high priest na si Jehoiada.
2. Ang nature (katangian) ng pangangaral o prophecy ay parehong kasalukuyan (malapit) at hinaharap (malayo) na hatol at pagpapala ng Israel.
3. Ang salita ng Dios ay kinasihan at iningatan ng Panginoon at idinala kay Joel para sa bansang Israel at para rin sa atin ngayon.
4. Ang mga Israelites ay may panglabas na anyo ng relihiyon pero ang puso nila ay malayo sa Dios.
5. Ang mga sakuna ay kapanahunan na dapat tayo ay manumbalik sa Dios.
6. Mayroon tayong kapatawaran at pag-asa dahil kay Jesus!